


# Ang Batang Si Kapit

Isinulat at iginuhit nina:
**May Pricess P. Gaspar**
**Jerico John L. Arazo**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

May mag-asawang magsasakang Ayta, si Palab at si Aning. Biniyayaan sila ng magandang anak na babae na si Kapit. Sunod ang layaw ni Kapit sa kanyang mga magulang kaya sanay itong kumain ng inihaw na baboy at iba't ibang luto ng karne.

Isang araw, dahil sa madalas na pagkain ng karne ng pamilya ni Kapit, nanghina ang kanyang ama. "Humihina ang aking katawan at madalas akong mahilo," daing ni Tata Palab.



Hindi naglaon, pumanaw ang Ama ni Kapit, at umasa na lamang sa Ina.

Hinahainan ng lutong gulay si Kapit ng kanyang Ina subalit ayaw nitong kainin. “Ayaw ko niyan, Ina, isinusuka ko lang lahat na nakakain kong gulay,” wika ni Kapit.

“Kailangan mong kumain anak ko para hindi magaya sa iyong Ama,” pangangamba ng Ina.

“Ayaw ko ng gulay,” pagmamatigas ni Kapit.

Nang dumaan ang maraming araw, hindi makakuha sa kagubatan ang kanyang Ina ng baboy-damo na pangsuporta sa kaniya. Nangayayat si Kapit hanggang sa humina ang katawan.

“Anak ko, kumain ka ng gulay,” pagsusumamo ng Ina. Tinalikuran lamang siya ni Kapit.

Nagluto ng iba’t ibang gulay ang ina ni Kapit katulad ng, binagoongang bageng at malunggay na may kabute at iniwan sa tabi ng niya.



Nang hindi na nakatiis si Kapit dahil sa sobrang gutom, napilitan siyang kumain ng gulay. "Ang sarap pala ng gulay," masayang nasabi ni Kapit. Naubos niya ang lahat ng mga nilutong gulay ng Ina niya.

Nang dumating ang Ina, may dala itong huling baboy ramo. "Makakakain ka na anak," wika ng ina kay Kapit.

"Ayaw ko na po ng karne, Ina," masayang sabi ni Kapit.

